# NEOLIBERALISMO

## MGA ARTIKULO
## MULA SA
# *ANG BAYAN*

★

2017
Palimbagang Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

# NILALAMAN


ANO ANG NEOLIBERALISMO?
*Ang Bayan*, Mayo 21, 2016 5

ANG KAAYUSANG NEOLIBERAL
*Ang Bayan*, Mayo 21, 2016 7

MGA PATAKARANG NEOLIBERAL SA PILIPINAS
*Ang Bayan*, Hunyo 7, 2016 12

LIBERALISASYON AT DENASYUNALISYON
*Ang Bayan*, Hunyo 21, 2016 19

PINSALANG DULOT NG MGA PATAKARANG NEOLIBERAL SA INDUSTRIYA AT AGRIKULTURA
*Ang Bayan*, Hulyo 7, 2016 24

MGA PATAKARANG NEOLIBERAL SA SEKTOR NG PAGGAWA
*Ang Bayan*, Abril 21, 2016 32

PALAGANAPIN ANG NASYUNALISMONG ANTI-IMPERYALISTA
*Ang Bayan*, Hunyo 21, 2016 35

ANG KABULAANAN NG MINIMUM NA SAHOD NG REAKSYUNARYONG ESTADO
*Ang Bayan*, Mayo 7, 2016 40

"ENDO" AT IBA PANG PORMA NG KONTRAKTWALISASYON
*Ang Bayan*, Mayo 7, 2016 43

KORAPSYON SA PANAHON NG NEOLIBERALISMO
*Ang Bayan*, Mayo 7, 2016 46

LUMALALANG KORAPSYON SA ILALIM NG KAAYUSANG NEOLIBERAL
*Ang Bayan*, Mayo 7, 2016 49

KABABAIHAN, KUMILOS AT LABANAN ANG NEOLIBERALISMO!
*Ang Bayan*, Marso 7, 2016 51

# ANO ANG NEOLIBERALISMO?

Ang neoliberalismo o bagong liberalismo ay isang teorya sa ekonomya na umusbong noon pang dekada 1930 pero nangibabaw lamang noong maagang bahagi ng dekada 1980.

Itinataguyod nito ang "malayang pamilihan" at "malayang kalakalan" sa kalagayang hindi na ito umiiral sa ilalim ng monopolyong kapitalismo o imperyalismo. Ang sistemang ito'y pinalalabas na "kapitalismo ng malayang kompetisyon" tulad noong ika-19 na siglo. Panahon ito na ang klasikong liberalismo ay progresibong kilusan laban sa paghadlang ng pyudal na estado sa pag-lago ng kapitalistang sistema.

Naging dominante ang kaayusang neoliberal mula maagang bahagi ng dekada 1980, nang isalin ito sa aktwal na mga patakaran ng noo'y presidente ng US na si Ronald Reagan at ni noo'y Prime Minister Margaret Thatcher ng United Kingdom. Malawakang ipinatupad ang pribatisasyon sa tangkang lutasin ang penomenon

ng istagplasyon na isinisi nila sa interbensyon ng estado sa ekonomya mula ang Great Depression noong dekada 1930 hanggang pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang istagplasyon ay ang sabayang pag-iral ng istagnasyon o pagkatigil ng ekonomya (at ang kaakibat nitong mataas na tantos ng disempleyo) at implasyon o matataas na presyo ng mga bilihin. Pinalabas nina Reagan at Thatcher na ang matataas na sahod ng mga manggagawa at paggastang pampubliko para sa serbisyong sosyal ang dahilan nito.

Pinalaganap nila ang neoliberalistang pananaw na dapat bigyan-laya ang mga kapitalista na magpalaki ng tubo at magkamal ng kapital para magbunsod ng produksyon at pasiglahin ang ekonomya. Ginamit nila ito para atakehin ang mga manggagawa—ang kanilang sahod, mga trabaho at mga unyon at ipinagkait sa kanila ang serbisyong sosyal sa pamamagitan ng malawakang pribatisasyon.

Sa nakaraang mahigit tatlong dekada, pinalabas na walang suliranin sa ekonomya na hindi malulutas ng tuluy-tuloy na pagbuhos ng pera at pautang sa mga monopolyong kapitalista. Ipinatupad ang kaayusang neoliberal sa lahat ng panig ng mundo sa pamamagitan ng mga internasyunal na institusyong pampinansya, pangunahin ng World Bank, International Monetary Fund at US Treasury. Ipinataw ito sa mga bansang sadlak sa krisis at desperado sa kapital bilang kundisyon sa kanilang pangungutang.

# ANG KAAYUSANG NEOLIBERAL



Sa harap ng pagkakahalal kay Davao Mayor Rodrigo Duterte, mahalagang usisain ang programa sa ekonomya na panimulang inilahad ng kanyang mga tagapayo. Taliwas sa kanyang mga pangakong "parating na ang pagbabago," wala pa itong inilalahad na bago at halos kinopya lamang sa mga programa ng kinamumuhiang rehimeng Aquino at mga imperyalistang amo nito. Katunayan, pinuri ito ng JP Morgan, isa sa pinakamalaking imperyalistang institusyon ng mga ispekulador sa pinansya, dahil sa "pagpapatuloy" ito sa nagdaang makadayuhang mga patakaran.

Binatikos ng mga pambansa-demokratikong organisasyon, gayundin ng Ibon Foundation, ang humuhugis na planong pang-ekonomyang makadayuhan, elista at

walang pinagkaiba kay Aquino. Pinansin nila ang pagtalaga ng mga maka-US na teknokrata sa kanyang "economic team" at pahayag ni Duterte mismo na "umunlad" ang Pilipinas sa ilalim ni Aquino.

Kabilang sa programa sa ekonomya ni Duterte ang pagpapatuloy ng Public-Private Partnership, pagtatanggal ng mga rekstriksyon para sa malayang paglabas-masok ng dayuhang kapital sa pamamagitan ng charter change at pagpapalawak ng saklaw ng 4Ps bilang mapanlinlang at kontra-rebolusyonaryong pakana. Ang mga ito'y mga patakarang nakabalangkas sa lipas na at bangkaroteng teorya ng neoliberalismo na nagpahirap sa mamamayang Pilipino sa nakaraang mahigit tatlumpung taon.

**Mga patakarang neoliberal**

Pangunahin sa mga patakarang neoliberal ang liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon. Ipinataw ang mga ito pangunahin para alisin ang mga hadlang sa pagkamal ng mas malaking tubo ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at kanilang lokal na mga kasosyong kumprador burgesya, at sa parehong panahon, pangibabawan ang palubha nang palubhang krisis ng kapitalismo sa buong mundo. Para makabwelo ang malalaking kapitalista, inalis kapwa ang mga regulasyong pang-estado at pambansa. Nagbunsod ang mga patakarang ito ng matinding pinsala sa pambansang ekonomya ng mga atrasadong bayang malakolonyal at malapyudal. Ang pinsalang ito ay pinapasan ng uring manggagawa at karaniwang mamamayan.

Sa ilalim ng patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan at pinansya, binaklas ang mga hadlang sa pagpasok ng

sobrang produkto at kapital mula sa mga sentro ng kapitalismo tungo sa mga atrasadong bansa. Kapalit nito ang pagpasok ng kapital, na kalakha'y portfolio, na panandaliang nagpapasigla sa ekonomya at pamumuhunan. Ipinatupad ang liberalisasyon sa kalakalan sa pamamagitan ng pagbaba sa mga taripa sa iba't ibang mga inaangkat na produkto, kahit yaong mayroong lokal na produksyon tulad ng mga produktong agrikultural at pagkain. Sa larangan ng pinansya, inalis sa batas ang mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan at itinayo ang mga export processing zone kung saan isinagad ang mga insentibo para sa dayuhang mga empresa at ibinaba o tinanggal ang mga binabayaran nilang buwis.

Sa ilalim ng pribatisasyon, buu-buong ibinenta ang mga ari-arian at serbisyo ng estado, sa pagdadahilang "mas episyente" itong mapapatakbo ng mga kapitalista. Ang totoo, dahil sa pribatisasyon, ang mga serbisyo ay naging kalakal na ibinebenta sa mamamayan. Ang mga serbisyong dapat tungkulin ng estado ay ibinigay sa mga pribadong empresang tanging hangarin ang magkamal ng tubo. Pabigat nang pabigat ang ipinapasa sa mamamayan na mga singilin, toll, matrikula at iba pa. "User pays" (nagbabayad ang gagamit) ang islogan ng neoliberalismo. Dahil di hawak ng gubyerno, ang mga pribadong empresa'y walang pananagutan sa lipunan at walang regulasyon ang operasyon. Nalalagay sa peligro ang kaligtasan ng publiko dahil sa pagtitipid at iba pang pamamamaraan para palakihin ang kita. Kabilang sa isinasapribado sa ngayon ang pampublikong mga pamilihan; edukasyon; pampublikong transportasyon; pasilidad pangkalusugan tulad ng mga ospital; pandepensa at seguridad; imprastruktura; yutiliti tulad ng kuryente at tubig; at maging ang makinarya sa eleksyon.

Sa ilalim ng patakarang deregulasyon sa pamumuhunan at pamilihan, ipinauubaya sa mga merkadong kontrolado ng mga monopolyo kapitalista ang pagtatakda ng mga presyo ng mga kalakal at serbisyo, kabilang ang lakas-paggawa. Niluwagan, kundiman lubusang inalis, ang kontrol sa mga patakaran sa pamumuhunan tulad sa usaping pangkapaligiran, pangkaligtasan at pangkalusugan. Binaklas ang mga umiiral na patakaran sa paggawa at pinairal ang pleksibleng sistema ng pag-eempleyo tulad ng kontraktwalisasyon at pagbaklas sa minimum na sahod.

Sa ilalim ng patakaran ng denasyunalisasyon, binibigyan ng papalaking karapatan ang mga dayuhang mamumuhunan kahit sa mga larangan ng ekonomya at lipunan na dating nakareserba sa mga Pilipino. Pangunahin dito ang pagbaklas sa mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan sa lahat ng aspeto ng ekonomya at pagbibigay sa kanila ng buong karapatan na iuwi sa kani-kanilang mga bansa ang kanilang kita.

## Pagpapatupad ng kaayusang neoliberal sa Pilipinas

Sinimulang ipatupad sa Pilipinas ang iba't ibang patakarang neoliberal noong maagang bahagi ng dekada 1980 sa ilalim ng diktadurang Marcos.

Kapalit ng bagong mga pautang, iniutos ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB) ang liberalisasyon sa pag-aangkat. Ipinatupad ni Marcos noong 1981 ang Tariff Reduction Program I (TRP1) na nagpababa sa mga taripa o buwis sa mga inaangkat na kalakal mula 100% tungong 10-50% noong 1981.

Bumwelo ang pagsasabatas ng mga patakarang neoliberal sa ilalim ng rehimen ni Corazon Aquino (1986-1992) at Fidel V. Ramos (1992-1998). Sa panahong ito,

ganap na binaklas ang mga taripa sa mga inaangkat na kalakal. Binaklas rin ang mga regulasyon sa pamumuhunan.

Sunud-sunod na isinapribado ang mga empresang pang-estado at pinapasok ang pamumuhunan ng malalaking dayuhan at lokal na kapitalista sa sektor ng pagbabangko, langis, tubig, kuryente, telekomunikasyon at iba pang mahahalagang sektor ng ekonomya.

Sa pagtatapos ng rehimeng Ramos noong 1998, halos nakumpleto ang pag-aayon sa neoliberalismo ng mga batas, patakaran at mga kautusan ng estadong malakolonyal. Sinimot na lamang ng magkakasunod na gubyernong Estrada, Arroyo at Benigno Aquino III ang mga larangan ng ekonomya na hindi pa kumpletong nakubabawan ng mga dayuhan at lokal na kapitalista.

Alinsunod sa dikta ng gubyernong US, sinikap ng magkakasunod na rehimen ang pagbabago o pag-amyenda sa konstitusyong 1987 upang tuluyang alisin o ipawalambisa ang mga probisyon nitong nagtatakda ng mga hangganan sa dayuhang pamumuhunan at pagmamay-ari ng lupa.

(*Ito ang una sa serye ng mga artikulo hinggil sa neoliberalismo. Sa ikalawang bahagi, tatalakayin ang mga batas at kautusang nagpatupad ng liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon sa Pilipinas.*)

# MGA PATAKARANG NEOLIBERAL SA PILIPINAS



Sa isang masaklaw na pag-aaral sa mga programa ng International Monetary Fund na inilathala noong Mayo, binatikos ng mga ekonomista ang mga patakarang neoliberal na itinulak ng institusyon dahil idinulot nitong matitinding pinsala sa mamamayan.

Sa partikular, pinuna nila ang mga kundisyon na ipinapataw sa mga "umuunlad na bansa" kapalit ng utang. Ilan lamang sa mga kundisyon na ito ang kaugnay sa deregulasyon sa pinansya, pagpapataas ng kita ng mga estado sa pamamagitan ng pagbubuwis at liberalisasyon sa kalakalan. Pinuna rin ng mga ekonomista

ang iba pang kundisyon ng institusyon tulad ng pribatisasyon ng mga pag-aari ng estado, pagtatanggal ng mga subsidyo at pagtatakda ng mga limitasyon sa sahod at empleyo. Anila, naging bukambibig lamang ng IMF ang mga programang kontra-kahirapan para gawing katanggap-tanggap ang mga patakaran nito. Nitong Hunyo, inilathala sa isang publikasyon ng IMF mismo ang kongklusyon na "hindi gumagana" ang ilang patakarang neoliberal dahil sa malawak na epekto nito sa kabuhayan ng mamamayan. Anito, pinalalaki lamang ng IMF ang kunwa'y mga benepisyo ng mga "repormang nakatuon sa merkado." Lalo lamang umanong pinalala ng mga patakaran ng IMF ang di-pagkakapantay-pantay, at sa gayon ay bigo itong magdulot ng matagalang kaunlaran.

Isa sa pinakamatingkad na halimbawa nito ang kaso ng Greece na hanggang ngayon ay pinipilit ng IMF na sumunod sa mga neoliberal na patakaran sa kabila ng masasahol na mga pinsala nito sa mamamayan.

## Kasaysayan ng neoliberalismo sa Pilipinas

Sa Pilipinas, malawak at masasahol ang ibinunga ng mga patakarang neoliberal na ipinatupad mula pa sa panahon ng mga Structural Adjustment Program noong dekada 1980. Ang pagpapailalim ng buong ekonomya at pulitika sa balangkas nito ay lalong naglugmok sa bansa sa permanenteng krisis na higit na nagpalala sa kahirapan ng mamamayan. Nagresulta ito sa pagkabansot ng lokal na ekonomya na dati nang atrasado at nakaasa sa dayuhang kapital at materyal.

Pinakalitaw ang atake ng neoliberal na patakaran sa pamumuhunan ng estado sa imprastruktura at serbisyong pampubliko. Matindi rin ang atake nito sa sektor

ng paggawa at sa kabuhayan ng mga magsasaka. Ang mga patakarang ipinatupad sa mga larangang ito ay kailangang kagyat na baklasin para bigyan sila ng kaluwagan.

**Pribatisasyon ng mga pampublikong imprastruktura**

Alinsunod sa neoliberal na doktrina ng pribatisasyon, sinimulan ng rehimen ni Corazon Aquino ang pagbenta ng pinakamalalaking empresang pang-estado at iba pang ari-ariang pampubliko. Noong 1986, ipinatupad nito ang Philippine Privatization Program sa layuning idiskarga ang pamumuhunan ng estado sa malalaking empresang nagbibigay ng krusyal na serbisyo sa ekonomya.

Kabilang sa mga ibinenta sa panahong ito ang Philippine National Bank, Philippine National Oil Company, Construction and Development Company of the Philippines at Philippine Airlines. Sa loob ng limang taon, nakapag-ipon si Aquino ng $2 bilyon na inilaan niya sa pagbayad sa iniwang utang ng diktadurang Marcos. Pagsapit ng taong 2000, naibenta na ng sumunod na rehimeng Ramos ang 466 ari-arian ng estado sa kabuuang halagang P194 bilyon. Pinakamalaki sa pag-aaring estado na isinapribado ang primera klaseng lupang komersyal sa Fort Bonifacio.

Kasabay ng malawakang pagbebenta ng mga ari-arian ng estado, ibinukas ng unang rehimeng Aquino sa pribadong mamumuhunan ang serbisyong pampubliko. Noong 1990, pinagtibay nito ang Build-Operate-Transfer (BOT) Law na nagpahintulot sa dayuhan at lokal na mamumuhunan na maglatag ng imprastruktura para sa serbisyong pampubliko, partikular sa sektor ng enerhiya at transportasyon.

Nang tumama ang krisis sa kuryente noong 1992-93, ginamit ni Ramos ang BOT Law para igawad sa dayuhang mga kumpanya at kasosyo nilang lokal na malalaking burgesya ang pagtatayo ng mga planta ng kuryente kapalit ng mga pabor at kapakipakinabang na insentibo mula sa estado. Isa sa mga ito ang katiyakang babayaran ng gubyerno ang mga "stranded cost" o ang mga utang at uutangin pa ng mga pribadong kumpanya para sa pagmamantine ng mga planta, gayundin ang buong halaga ng enerhiyang nalilikha nila, ginagamit man ito ng publiko o hindi.

**Pribatisasyon at deregulasyon ng mga serbisyong sosyal**

Noong 1992, iginawad ng rehimeng Ramos ang pinakamalaking kontrata sa pribatisasyon nang ibigay nito ang 25-taong konsesyon ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) sa serbisyong tubig sa Metro Manila sa dalawang grupo ng mga lokal at dayuhang kapitalista. Kabilang sa mga insentibong ibinigay ay ang tiyak na sovereign guarantee o ang paggarantiya ng estado sa tubo ng kapitalistang mamumuhunan. Ang pribatisasyong ito ay pinangasiwaan ng mga tauhan ng IMF.

Sinundan ito ng pribatisasyon sa telekomunikasyon noong 1993, pagbabangko at pagbabarko noong 1994, at ng mga eroplano at minahan noong 1995.

Isinailalim din ng rehimeng Ramos ang industriya ng langis sa deregulasyon sa pamamagitan ng Downstream Oil Industry Deregulation Act of 1998 (RA 8479). Ang pagpapatibay nito ay bahagi ng pagtupad sa mga kundisyon ng IMF kapalit ng $1.6 bilyong pautang. Sa ilalim ng deregulasyon ng industriya ng langis, iti-

nakda ang pagbebenta ng Petron na noo'y empresa ng estado at pinahintulutan ang mga dayuhang kumpanya ng magtayo ng bagong mga gasolinahan. Inalis rin ang pampublikong subsidyo sa mga produktong petrolyo.

Sa ilalim ng rehimeng Arroyo, sinimulang ipatupad ang korporatisasyon (isang anyo ng pribatisasyon) ng mga pampublikong ospital. Sa ilalim nito, ipinaubaya ang iba't ibang aspeto ng serbisyong pangkalusugan, tulad ng parmasya, laboratoryo at iba pa sa mga pribadong mamumuhunan. Sa panahon din ng rehimeng Arroyo naganap ang malawakang pribatisasyon ng operasyon ng mga kalsada.

Isinabatas noong 2001 ang Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) na nagbunsod ng malawakang pribatisasyon sa larangan ng transmisyon at distribusyon ng kuryente. Itinayo ang Wholesale Electricity Spot Market (WESM) para konsolidahin ang mga independyenteng prodyuser ng kuryente sa iisang merkado at arbitraryong itakda ang singil na ipinapasa sa mga konsyumer. Kabilang sa mga tuluyang isinapribado ang National Power Corporation at National Grid Corporation. Sa kabila ng malinaw na disbentahe ng pribatisasyon sa imprastruktura at serbisyong panlipunan, itinuluy-tuloy at sinagad ito ng rehimen ni Benigno Aquino III sa pamamagitan ng programang Public-Private Partnership. Sa ilalim ng PPP, hindi lamang ipinaubaya sa malalaking kapitalista ang rekurso ng estado para ipinuhunan sa konstruksyon ng pampublikong imprastruktura, ginarantiyahan pa nito ang tubo hanggang 25 taon.

### Deregulasyon sa paggawa at iba pang "repormang nakatuon sa merkado"

Sa larangan ng paggawa, isinabatas ng unang rehi-

meng US-Aquino ang tatlo sa pinakamasasahol na batas laban sa mga manggagawa noong katapusan ng dekada 1980. Noong 1989, magkasunod na ipinatupad ang Wage Rationalization Act, ang Herrera Law at National Labor Relations Act. Ang mga batas na ito ang nagpako sa sahod, nagpalaganap ng kontraktwalisasyon at nagbuwag sa mga unyon at umatake sa mga karapatan ng mga manggagawa sa nakaraang tatlong dekada. (Tingnan ang *Ang Bayan*, Abril 21, 2016.)

Karugtong ng mga patakaran sa paggawa ang neoliberal na programang K-12 na sinimulang ipatupad ng pangalawang rehimeng US-Aquino noong 2012. Ang mga pagbabago sa programa sa edukasyon ay dati nang itinulak ng mga dayuhang kumpanya para matugunan ang tipo at dami ng mga manggagawang kailangan ng kanilang mga kumpanya. Kabilang sa mga pagbabago ang pagbubura sa nalalabing makabayang mga elemento sa kurikulum at pagdadagdag ng dalawa pang taon sa hayskul para magsuplay ng mga manggagawang may kasanayan.

Sa usapin ng lupa, isinabatas noong 1988 ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa ilalim nito, ang reporma sa lupa ay naging simpleng transaksyon ng pagbebenta ng lupa ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka. Sa halip na ang lupa ay ipamahagi nang libre sa nagbubungkal sa diwa ng katarungang panlipunan, ipinapapasan sa mga magsasaka ang bayad sa anyo ng amortisasyon, o di kaya'y nag-aalok ng opsyon ng pamamahagi ng sapi sa tinaguriang korporatisasyon. Dulot ng pagpigil sa tunay na pamamahagi ng lupa sa nagbubungkal, nanatiling nasa kontrol ng iilang panginoong maylupa ang lupa, hiwa-hiwalay at maliitan ang produksyon at lugmok ang sektor ng

agrikultura. Sa halip na suportahan ang produksyon, ipinatanggal pa ang kakarampot nang mga subsidyo sa presyo ng palay at iba pang produktong agrikultural at isinapribado ang irigasyon.

Sa tulak ng World Bank at IMF para itaas ang kita ng estado, ipinataw noong 1986 ang 10% Value Added Tax (VAT) sa mga produktong pangkonsumo bilang rekisito para muling makapangutang ang bansa. Noong 1997, ipinatupad ang Comprehensive Tax Reform Program na nagligtas sa mga dayuhan at lokal na korporasyon sa pagbabayad ng lahat ng uri ng buwis (corporate, income, VAT, sales at iba pa) nang tatlo hanggang anim na taon. Pinalaki nito ang depisit sa badyet at dahil dito ay itinaas ang VAT tungong 12% at pinalawak para saklawin ang pribadong serbisyo sa ilalim ng Expanded Value Added Tax (EVAT) Law noong 2006. Noong 2011, ipinataw ng rehimeng US-Aquino ang malaking dagdag na buwis sa sigarilyo at alak sa pamamagitan ng Sin Tax Law.

(*Ito ang ikalawa sa serye ng mga artikulo tungkol sa neoliberalismo.*)

# LIBERALISASYON AT DENASYUNALISYON



Isa sa mga larangan ng sistemang panlipunan sa Pilipinas na hindi kailanman naging "independyente" mula sa kontrol ng dayuhan ang lokal na ekonomya. Mula't sapul, nakapailalim sa imperyalismong US ang lahat ng mga aspeto nito. Sa ilalim ng neoliberal na kaayusan, lalupa nitong hinigpitan ang kontrol sa mga sektor at subsector ng lokal na ekonomya, kapwa bilang tambakan ng sobrang produkto at kapital, at huthutan ng hilaw na materyales.

**Liberalisasyon ng kalakalan**

Matapos ang panimulang pagpapatupad ng pagbababa ng taripa sa inaangkat na produkto sa ilalim ng

diktadurang Marcos, umarangkada ang liberalisasyon ng kalakalan sa ilalim ni Corazon Aquino. Noong 1986-1989, tinanggal ang mga restriksyon sa pag-aangkat ng 1,332 klase ng mga produkto.

Sa ilalim ng rehimeng US-Ramos, pinagtibay noong 1994 ng Senado ang General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) at naging myembro ang Pilipinas sa World Trade Organization sa sumunod na taon. Sa ilalim nito, tuluyang tinanggal ang mga restriksyong kantitatibo (o pagtatakda ng pahihintulutang dami) sa pag-aangkat ng mga produktong agrikultural at nagpataw ng mababang taripa sa mga ito. Gayundin, naibaba ni Ramos ang lahat ng taripa tungong 5% sa pamamagitan ng serye ng mga kautusang ehekutibo noong 1996-2003. Ipinagmamalaki niya noon na ang Pilipinas ay "nauuna sa iskedyul" ng GATT sa pagbababa o pag-aalis ng taripa.

Pagsapit ng 2004, ang mga taripa at iba pang buwis ng Pilipinas ay nasa pinakamababang antas na kumpara sa ibang bansa sa Asia. Pero sa panahong ito, natigil ang implementasyon ng GATT sa buong mundo dahil maraming bansa ang tutol sa iba't ibang itinatakda ng kasunduan. Sa tulak ng US, pumasok sa iba't ibang tagibang na mga kasunduan ang Pilipinas para lubusin ang liberalisasyon sa kalakalan.

Kabilang dito ang Asia Pacific Economic Cooperation at ASEAN (Association of Southeast Asian Nations) Free Trade Area at mga kaugnay nitong bilateral na relasyon sa China, New Zealand, Australia, India, Japan at South Korea. Noong 2008, pinirmahan ng rehimeng Arroyo ang kasunduan sa Japan (Japan-Philippine Economic Partnership Agreement). Nitong 2015, sinimulan ng pangalawang rehimeng Aquino ang negosasyon para sa European Union-Philippines Free Trade Agreement.

Pinakahuli sa mga kasunduang ito ang Trans-Pacific Partnership.

Sa ilalim din ni Aquino, sinagad ng reaksyunaryong estado ang pagbubukas sa mga sektor ng ekonomya na may natitirang proteksyon. Isa-isa nitong inilusot ang mga patakarang nagbaklas sa mga restriksyon habang pana-panahong tinatangkang amyendahan ang mga probisyon sa ekonomya ng konstitusyong 1987. Isinabatas nito ang Fair Competition Law na nakatuon sa lalo pang pagbubukas sa sektor ng telekomunikasyon, lokal na kalakalan sa pagkain at iba pang sektor na binansagan nitong monopolisado.

Inamyendahan din nito ang Cabotage Law para pahintulutan ang mga dayuhang barko na direktang dumaong sa mga lokal na pantalan at kontrolin ang kalakalan dito. Tinanggal sa listahan ang mga dayuhang restriksyon sa pag-aari ng mga negosyo ng pagpapautang, pamumuhunan at iba pang kumpanya sa pinansya. Binawi din nito ang mga restriksyon sa mga dayuhan na magtrabaho sa mga negosyong parmasyutika at ibang trabahong pangkalusugan, criminology, forestry at abugasya.

## Denasyunalisasyon ng likas na yaman at rekurso

Partikularidad sa mga bansang malakolonyal ang pagpapatupad ng mga batas, patakaran at hakbanging nakatuon sa denasyunalisasyon o pagbabaklas ng pambansang patrimonya at pagbibigay ng papalawak na karapatan sa mga dayuhan na dambungin ang likas-yaman ng Pilipinas.

Inamyendahan ng unang rehimeng Aquino noong 1987 ang Omnibus Investment Code para ibukas ang lokal na merkado sa dayuhang pamumuhunan kasabay

pa ng mga insentibang pabor sa kanila. Kabilang dito ang di pagbabayad ng buwis ng ilang taon at karapatang iuwi ang 100% ng kanilang tubo.

Pinagtibay noong 1991 ang Foreign Investment Act na nagpahintulot sa 100% dayuhang pag-aari sa lahat ng negosyo liban sa ilang sektor na ikinategorya nito sa tatlong "Negative List." Noong 1996, ibinasura ni Ramos ang Foreign Investment List C, na nagbabawal sa dayuhang pamumuhunan sa sektor na may sapat nang bilang ng mga empresa para sa lokal na pangangailangan.

Gayundin, noong 1994, ipinasa ang Foreign Bank Liberalization Law na nagpahintulot sa operasyon ng mga dayuhang bangko sa bansa. Inamyendahan ang batas na ito sa sumunod na mga taon (General Banking Law ng 2000 at Foreign Bank Liberalization Act of 2014) para palawakin ang saklaw nito. Noong 2013, inamyendahan ang Rural Bank Act of 1992 para pahintulutang bilhin ng dayuhang mamumuhunan ang maliliit na bangko. Dagdag na pang-engganyo ang karapatan nilang mag-ilit ng lupang ginamit bilang kolateral sa pautang.

Sa dekadang 1990 din, pinagtibay ang Exports Development Act, Further Liberalization of Foreign Investments Act, ang mga batas na nagtatag sa Philippine Export Zone Authority at iba pang engklabong pangdayuhan. Ang mga ito ay nagbigay-laya sa mga dayuhan at kanilang lokal na kasosyo na samantalahin ang mura at kiming lakas-paggawa ng bansa, gayundin ang pagliligtas sa kanila sa pagbabayad ng buwis.

Isa sa pinakamatinding batas na nagbukas sa rekurso ng bansa sa dayuhang pandarambong ang Mining Act of 1995. Binigyan ng batas na ito ang mga dayuhang kumpanya ng karapatan na magmay-ari ng 100% ng mga empresa sa pagmimina, matagalang kontrol sa napa-

kalawak na mga lupain, at nagpahintulot sa kanilang walang-buwis na pagluluwas ng mga mineral at kita. Pero dulot ng matinding oposisyon, natengga ang batas na ito dahil sa mahabang deliberasyon ng Korte Suprema kaugnay sa pagiging konstitusyunal nito. Noong Enero 2004, nagdesisyon itong di-konstitusyunal ang batas pero binawi rin pagsapit ng Disyembre. Noong 2012, isinabatas ni Aquino ang Executive Order 79 na nagbawal sa mga lokal na gubyerno na hadlangan ang open-pit mining at iba pang mapaminsalang operasyon ng mga mina.

(*Pangatlo sa serye kaugnay ng neoliberalismo. Sa unang mga bahagi, tinalakay ang kasaysayan ng neoliberalismo sa Pilipinas at ang serye ng mga batas at kautusang nagpatupad ng neoliberal na pribatisasyon at deregulasyon sa bansa*.)

# PINSALANG DULOT NG MGA PATAKARANG NEOLIBERAL SA INDUSTRIYA AT AGRIKULTURA

Kabuuang pag-atras ng lokal na ekonomya at kabuhayan ng mamamayan ang epekto ng halos apatnapung taong pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal sa Pilipinas.

Nabansot ang industriyang nakatuon sa eksport. Hindi nito nagawang lumikha ng papalaking bilang ng hanapbuhay.

Lalong sumadsad ang agrikultura sa harap ng todong liberalisasyon ng kalakalan at pagbaha ng mga dayong produktong agrikultural. Nanatiling atrasado ang produksyong agrikultural. Dahil walang nililikhang

bagong empleyo, palaki nang palaki ang bilang ng mga walang-hanapbuhay (nagiging manggagawang-bukid) sa kanayunan. Tanda ng tagibang na pag-unlad, tuluy-tuloy na lumaki ang sektor ng serbisyo, partikular sa pagtitingi.

Hungkag ang palagiang ipinamamaraling "solidong pundasyon" ng ekonomya. Ang totoo, ang lokal na ekonomya ay nananatiling di-industriyalisado, atrasado at agraryo. Ang pagmamanupakturang nakatuon sa pag-eeksport ay nakasalalay sa importasyon ng mga makina at materyales. Nagresulta ito sa palagiang depisit sa kalakalan at siklo ng pangungutang para lumutang ang ekonomya.

Ilang dekada nang bangkarote ang estado dulot ng mababang kita matapos tanggalin ang mga taripa at di pagbubuwis sa malalaking kumpanya bilang insentibo. Para punan ito, ipinasa ng estado sa ordinaryong mamamayan ang paglikom ng kita ng gubyerno sa pamamagitan ng pagbubuwis sa kanilang kita, mga batayang produkto at serbisyo.

## De-industriyalisasyon

Kumitid ang baseng industriyal kasabay ng lalong paghigpit ng pagkakatali ng lokal na produksyon sa mga inaangkat na kagamitan at materyales, dayuhang puhunan at utang. Ang lokal na mala-manupaktura ay nakarugtong sa internasyunal na kadena ng produksyon ng malalaking kapitalista. Hiwalay ito sa lokal na produksyong agrikultural at hindi nagsilbi sa pagbubuo ng ekonomyang nagsasarili. Binubuo nito ang lampas kalahati ng sektor ng industriya.

Mula 7.6% noong dekada 1970, ang paglago ng industriya ay bumagsak sa 0.5% noong 1980 hanggang


katapusan ng dekada 1990. Kasabay nito'y bumagsak mula 39% tungong 20% ang halagang ipinapasok nito sa lokal na produksyon.

Hindi lumalaki, at lumiit pa nga sa ilang panahon, ang bahaging industriya sa kabuuang empleyo. Nananatiling nasa 10% lamang ito noong dekada 1980 hanggang 1990 at bumaba patungong 9% sa dekada 2000. Lumaki ito tungong 15% sa 2010-15 pero dahil lamang sa pansamantalang pagsirit ng empleyo sa konstruksyon. Sa panahon ding ito, bumagsak tungong 8% ang bahagi ng empleyo sa pagmamanupaktura.

Mula mahigit sampung subsektor noong dekada 1970, nakakonsentra na lamang sa tatlong subsektor ang pagmamanupaktura para sa eksport mula katapusan ng dekada 1990: elektroniks, kasuotan at tela (garments at textile), at mga pyesang pansasakyan. Pagsapit ng huling bahagi ng 2000, 66% ng mga eksport ay nanggagaling na lamang sa subsektor ng mga pyesang pansasakyan.

Bumagsak sa panahong ito ang pagmamanupaktura ng pagkain at mga produktong agrikultural para sa eksport, mula 17% tungong 5%. Bumagsak rin ang produksyon ng kasuotan at tela, isa sa malalakas na subsektor sa dekada 1970, mula 21% tungong 5%.

Halos walang ugnay ang malaking bahagi ng manupaktura sa iba pang aspeto ng lokal na ekonomya. Limitado ang pagmanupaktura ng elektroniks sa pag-asembol, pagpakete at testing ng gawa nang mga pyesang elektroniko. Ang pagmamanupaktura ng mga pyesang sasakyan ay sumasaklaw lamang sa pagwewelding, pagpipintura, trimming at inspeksyon. Sa tela, walang pagpoproseso ng lokal na mga materyales kaya mahigit 80% ng ginagamit na materyal ay inaangkat mula sa China, Taiwan, Hongkong at India.




Konsentrado sa iilang kumpanya ang produksyon. Kung ihahambing ang produksyon ng apat na pinakamalalaking kumpanya sa lahat ng iba pa, halos lahat ng mga subsector ay monopolisado ng iilan. Kabilang sa pinakakonsentrado ang mga subsector ng pagpoproseso ng mga produktong petrolyo, pagkain, inumin, mga produktong tabako, semento, mga di-metal na produktong pangkonstruksyon tulad ng salamin, makina at gamit sa transportasyon, upisina at syensya. Ilan sa dambuhalang kumpanya ay pinatatakbo ng pinakamalalaking komprador at kanilang mga dayuhang kasosyo tulad ng San Miguel Corporation ni Eduardo Cojuangco at Fortune Tobacco ni Lucio Tan. Ang iba pa ay hawak ng mga subsidyaryo ng malalaking imperyalistang kumpanya tulad ng Texas Instruments.

Nilamon at pinatay ng mga dayuhang kapitalista at

mga kasosyo nila ang maliliit at katamtamang laking mga kumpanya na kalakha'y pagmamay-ari ng mga lokal na negosyante. Ipinakikita nito na malaking kabulastugan na bubuksan ng liberalisasyon ang pagkakataon para sa mas maraming "manlalaro" sa industriya. Noong 1997-2006, sa bawat tatlong bagong mamumuhunan, 20 empresa ang nagsara. Halos lahat nito'y maliliit, pinatatakbo ng mga negosyanteng Pilipino at nakatuon sa lokal na merkado.

Bagamat mayorya (89%) ng mga empresa ay nasa kategoryang "micro" (may isa hanggang siyam na manggagawa), wala sa katayuan ang mga ito na "makipagkumpetisyon" sa malalaking kumpanya. Umaabot lamang sa 7% ang ambag ng mga ito sa kabuuang produksyon. Di-signipikante ang bilang ng mga katamtamang-laking empresa (may 10-100 manggagawa). Noong 1996, umaabot lamang sa 1% ang kabuuang ambag ng mga ito sa kabuuang pagmamanupaktura at bumagsak pa sa 0.4% pagsapit ng 2006.

Sa subsektor ng manupaktura, nakakonsentra ang mayorya (53%) ng mga manggagawa sa malalaking kumpanya (may bilang ng manggagawa mula 100 pataas). Binubuo ng mga ito ang 0.8% ng kabuuang bilang ng mga empresa. Nasa 19% naman ng mga manggagawa ang nasa empresang "micro" habang ang 28% ay nasa mga small and medium enterprise (SME).

Ang produksyon ng mga SME ay hindi nakadugtong sa malalaking kumpanya. Ang produksyon ng malalaking pabrika ay eksklusibong nakasalalay sa imported na materyales at kagamitan. Hindi namuhunan ang mga kapitalista sa mga bagong makina at wala rin silang inilagak na puhunan para paunlarin ang lakas paggawa.

## Pagbulusok ng agrikultura

Sa ilalim ng mga patakarang neoliberal, nanatiling maliitan, atrasado at hiwa-hiwalay ang produksyon sa agrikultura sa kalakhan habang tuluy-tuloy ang pagpasok ng dayuhang agribisnes (binhi, abono at pestisidyo) sa sektor. Kasabay nito, pinilay ng pagbaha ng inangkat na mga produktong agrikultural ang lokal na produksyon at pinalawak nang ilandaan libong ektarya ang mga asyenda at kapitalistang plantasyon para sa produksyon na nakatuon sa eksport.

Mula 1980, bumagsak ang kabuuang bahagi ng agrikultura mula sangkatlo (1/3) tungong 1/12 na lamang ng GDP pagsapit ng 2010. Mula dekada 1980 hanggang 2000, wala pang 3% ang abereyds na paglago ng agrikultura. Malayo ito sa inabot na rurok ng paglago noong dekada 1970 na 7.4%. Sa kabilang banda, lumaki tungong 15% ang bahaging agribisnes sa GDP.

Nananatiling kontrolado ng iilang pamilyang panginoong maylupa ang kalakhan ng mga sakahan at lupang agrikultural. Bigo ang CARP sa pamamahagi ng lupa kahit sa neoliberal na balangkas nito. Sa loob ng 27 taon, 88% lamang ng kabuuang target nito ang naipamahagi. Nasa 76% ng mga "benepisyaryo" ng CARP ang hindi makapagbayad ng amortisasyon at nanganganib na mabawi ang titulo. Nasa 9.7% lamang ang nakapagbayad habang may 15% pa ang naghuhulog.

Lalong napaiilalim sa komersyal na produksyon ang maliliit na bukirin. Kasabay nito ang pagtindi ng presensya at dominasyon ng mga dayuhang kumpanya sa agribisnes sa kabuuang proseso ng produksyon. Dinodominahan nila ang suplay ng binhi, abono at iba pang pangangailangan sa produksyon. Ang mga ito rin ang nasa likod ng mga "contract growing" para itulak ang

produksyon ng kamoteng kahoy, oil palm, rubber tree at iba pang kailangan nila para sa eksport o lokal na pagpoproseso. Nasasaklaw ngayon nitong mga "agrarian venture agreements" ang 1.2 milyong ektarya ng mga lupaing agrikultural. Ang mga ito'y may bisang 5-75 taon. Bukod pa rito ang malalaking plantasyon na pinatatakbo ng iilang malalaking kumpanyang dayuhan at mga lokal na kumprador.

Noong dekada 1970, kabilang sa pangunahing produktong agrikultural ng bansa ang niyog, saging at manok. Pagsapit ng 1980, bumagsak ang halos lahat ng subsektor ng agrikultura, liban sa karne. Sa panahon ding ito, nasaid ang rekursong pangkagubatan, na isa sa pinakamalaking pinagkukunan ng mga produktong agrikultural, dulot ng malakihang pagtotroso ng mga dayuhan at lokal na kumpanya.

Mula dekada 2000, tuluy-tuloy na bumagsak ang produksyon ng niyog, tubo at iba pang tradisyunal na pananim. Tumaas lamang ang produksyon ng mais matapos lumipat ang mga magsasaka sa pagtatanim ng mais para sa konsumo tungo sa pagtatanim na para sa patuka o pagkain ng hayop.

Dulot ng pagpapalit-gamit, lumiit pang lalo ang kabuuang lupa para sa pagtatanim. Mula 2.5 ektarya noong 1975, ang karaniwang laki ng mga sakahan ay nasa dalawang ektarya na lamang noong dekada 2000.

Sa usapin ng saklaw na lupa, pinakamalawak pa rin ang tinatamnan ng palay, kasunod ang iba pang tradisyunal na produkto tulad ng mais, niyog at tubo. Gayunpaman, humina ang produksyon nito kumpara sa lokal na pangangailangan dulot ng malawakang kumbersyon ng mga palayan. Pabagsak ang padron ng aning palay sa nakaraang 30 taon. Pagsapit ng dekada 2000,

naging pinakamalaking importer ng bigas ang Pilipinas sa buong mundo.

Sa larangan ng pangisdaan, bumagsak ang ani para sa lokal na konsumo habang lumaki ang komersyal na pangingisda at aquaculture na nakatuon sa eksport. Lumaki nang 75% ang bolyum ng aquaculture mula 1.2 milyong metriko tonelada (MT) noong 1974 tungong 4.7 milyong MT sa 2013. Samantala, lumaki lamang nang 15% ang huli ng maliliit na mangingisdang munisipal sa loob ng mahigit dalawang dekada. Noong 1984-2013, lumaki nang 65% ang produktong pandagat na iniluluwas ng bansa. Kasabay nito, lumaki nang 100% ang inaangkat na isdang pangkonsumo dulot ng oryentasyong pang-eksport ng pangisdaan ng bansa.

*(Pang-apat sa serye kaugnay ng neoliberalismo. Sa unang mga bahagi, tinalakay ang kasaysayan ng neoliberalismo sa Pilipinas at ang serye ng mga batas at kautusang nagpatupad ng neoliberal na pribatisasyon, deregulasyon, liberalisasyon at denasyunalisasyon sa bansa.)*

*Iba pang mga artikulo hinggil sa Neoliberalismo mula sa Ang Bayan*

# MGA PATAKARANG NEOLIBERAL SA SEKTOR NG PAGGAWA

Mula katapusan ng dekada 1980, walang puknat ang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal laban sa mga manggagawang Pilipino. Lumaganap ang iba't ibang iskema ng pleksibilisasyon ng paggawa at pagbawas at pagpako sa sahod sa mababang antas.

Sa ilalim ng unang rehimeng US-Aquino, isinabatas ang pinakamalalaking neoliberal na patakaran sa paggawa sa Pilipinas. Pinagtibay noong 1989 ang Republic Act (RA) 6715 (Herrera Law) na bumaklas sa mga regulasyon sa pag-eempleyo at nagbigay-daan sa iba't ibang anyo ng kontraktwalisasyon at pleksibleng sistema ng pag-eempleyo.

Sa parehong taon, isinabatas din ang RA 6727 o ang Wage Rationalization Act na nagbuo sa Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) na kontrolado ng mga kapitalista. Winakasan nito ang dating sistemang pagtatakda ng kongreso ng minimum na sahod sa pambansang antas at ibinigay sa mga RTWPB ang awtoridad na itakda ito sa saklaw na rehiyon. Sa pamamagitan nito, nagawang ibaba ang sahod sa mga rehi-

yon na may mga export-processing zone na pinatatakbo ng dayuhang kapital.

Isinabatas din sa taong iyon ang RA 6715 o National Labor Relations Act na nagsilbing masaklaw at kumprehensibong batayan para sistematikong distrungkahin ang mga nakatayong unyon, pigilan ang pagbubuo ng mga bago at supilin ang karapatang magwelga. Pinakamasahol sa mga probisyon ng batas na ito ang Assumption of Jurisdiction (AJ) na nagbigay ng solong kapangyarihan sa kalihim ng Department of Labor and Employment (DOLE) na pangunahan at pigilan ang mga welga sa ngalan ng "pambansang interes." Marami sa malalaking welga noong dekada 1990, tulad ng welga ng malalaking unyon ng Philippine Airlines, PLDT (Philippine Long Distance Company), San Miguel Corporation at SM, ang ipinailalim sa kontrol ng estado gamit ang probisyong ito.

Sinusugan at pinasahol ng sumunod na mga rehimen ang nabanggit na mga batas sa pamamagitan ng mga kautusan ng ehekutibo, ng DOLE at iba pang ahensya ng estado.

Noong 2002, inilabas ng DOLE ang Department Order 10-2002 kung saan ginawang ligal ang pagkuha ng mga kontraktwal na manggagawa sa buong panahon ng produksyon (lampas sa 6-buwan na rekisito ng regularisasyon) sa mga prosesong tinaguriang "non-core" (di-sentral) sa kabuuang linya ng produksyon. Isang halimbawa nito ang kaayusan sa pabrika ng Tanduay Distillers kung saan ang mga manggagawang 15 taon nang namamasukan ay hindi pa rin ginagawang regular dahil wala diumano sila sa "core" ng produksyon.

Noong 2010, sa ngalan ng pagpapadali ng pagpasok ng pamumuhunan at pagsisimula ng operasyon ng mga kapitalista, kinonsolida ng kasalukuyang rehimen ang

mga patakaran sa pamumuhunan sa pamamagitan ng Joint Circular Memorandum 01 ng Department of Interior and Local Government at Department of Trade and Industry. Ang kautusang ito ay bumuo ng mga "business one-stop shop" sa iba't ibang syudad para pabilisin diumano ang mga proseso sa pagbubukas at pagpapatakbo ng mga negosyo. Para gawin ito, niluwagan, kundiman binaklas, ang mga pamantayan ng mga manggagawa. Halimbawa nito ay ang pagbibigay pahintulot na magsimula ng operasyon kahit hindi pa naiinspeksyon ang kanilang mga pabrika kung pasado sa mga pamantayan sa kaligtasan. Sa nakaraang anim na taon, di bababa sa apat na sunog sa pabrika ang iniresulta ng mga kapabayaang ito. Pinakamatindi rito ang sunog sa Kentex noong 2015.

Sa larangan ng sahod, sinimulang ipatupad ang dalawang andanang sistema ng pagpapasahod (two-tier wage system) noong 2012 na tinarget na makumpleto sa buong bansa ngayong taon. Noong Hulyo 2015, 92 sa 107 minimum wage rate sa walong rehiyon ay tinatawag nang Tier 1-compliant. Kabilang dito ang mga empresa sa National Capital Region.

Noong 2012, ipinatupad ang DOLE Department Order No. 18-A na nagpatibay sa paggamit sa mga ahensya sa pangongontrata at nagbaklas sa relasyong kapitalista-manggagawa sa malalaking kumpanya. Marami sa pinakahuling mga kaso ng iligal na pagsisante sa mga manggagawa at pagkakait sa kanilang mga benepisyo ay nakaangkla sa kautusang ito. Kabilang dito ang kaso ng mga manggagawa sa masmidya tulad ng GMA7 at ABS-CBN. Ito rin ang naging ligal na batayan sa tangkang alisan ng istatus na regular ang mga manggagawa sa planta ng Coca-Cola sa Laguna at gawin silang mga kontraktwal.

# PALAGANAPIN ANG NASYUNALISMONG ANTI-IMPERYALISTA

Dapat balik-tanawin ng mamamayang Pilipino ang kanilang kasaysayan at itaguyod ang nasyunalismo batay sa nagkakaisang pagtatanggol laban sa kolonyalismo at mala-kolonyalismo.

Ito ang mensahe ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pahayag nito noong Hunyo 12 kaugnay ng anibersaryo ng naunsyaming kasarinlan ng Pilipinas. Anang PKP, "matalas ang pagkabatid ng mamamayang Pilipino sa paborableng mga kundisyon at malawak na posibilidad ng pagtataguyod sa nasyunalismong anti-imperyalistang US at pagsusulong sa pambansang kalayaan sa ilalim ng di-papet ng US na rehimeng Duterte."

Maaaring suportahan ng mamamayan ang panawagan ni Duterte na muling pagsusulat sa kasaysayan ng Mindanao mula sa punto-de-bista ng pagtatanggol ng mamamayan laban sa kanilang mga mananakop, at pagpapatampok sa kabayanihan ng mamamayang Moro at

Lumad laban sa mga kolonyalistang Espanyol at Amerikano, …upang mailantad ang mga kasinungalingan ng imperyalismong US at ang kanilang misedukasyon sa mga Pilipino mula sa panahon ng pananakop hanggang sa kasalukuyan.

Sa lahat ng mga aklat sa kasaysayan na pinangasiwaan at pinondohan ng mga ahensyang US, sadyang pinaliit ang brutalidad ng US sa pagsakop at pagwasak sa bayan. Umaabot sa 1.4 na milyong Pilipino ang pinatay sa mga masaker, tortyur, at malawakang kahirapan at sakit sa Digmaang Pilipino-Amerikano.

Dapat masigasig na tutulan ang pagsisikap ng ilan sa akademya at burges na mga istoryan na baguhin ang kahulugan ng nasyunalismong Pilipino bilang produkto ng kolonyalismo at hindi bilang armas sa pakikibaka laban sa kolonyalismo.

Pinaglilingkuran ng ganitong mga istoryan ang interes ng imperyalismong US sa pagbibigay-katwiran sa kolonyalismo bilang isang bahagi lamang ng "globalisasyon", ang pinadaling pagtanggal sa malalang kawalang katarungan, pang-aapi, pagsasamantala at pandarambong, sa karahasan at abusong nagpahirap sa mamamayang Pilipino. Sinisikap nilang palabuin ang patuloy na daloy ng kasaysayan sa pagitan ng kasalukuyang atrasado, agraryo at di-industriyalisadong sistema at ng nakaraang kasaysayan ng kolonyal na paghahari na nagbigay hugis sa panlipunan at pang-ekonomyang sistema batay sa interes ng mga monopolyo.

Itinutulak ng mga nabanggit ang pagbibigay-diin sa simpleng pagsasalubungan ng mga kultura ng kanluran at silangan at paglikha ng iba't ibang halu-halong kultura, o "cultural hybridity" upang umayon diumano ang pagtuturo ng kasaysayan sa mas modernong globa-

lisasyon. Isinasantabi nito ang mga aral sa paglaban ng mamamayan sa pananakop ng imperyalistang kapangyarihan na siyang nagbuo sa pagkakaisa ng mamamayan bilang bansa o nasyon.

**Opensiba ng neoliberalismo sa kultura**

Sa pagpalo ng neoliberal na opensibang pangkultura noong dekada 70, unti-unting naglaho ang laganap na pagtutol sa komodipikasyon ng kultura. Pinalitan ito ng konseptong ang mga "industriya sa kultura" ay dapat magsilbing kawing sa pagitan ng "kultura" at ng "merkado", at makatulong sa pagpapaunlad ng ekonomya. Kabilang sa mga hakbang na ipinalaganap sa panahong ito ang pagpapataw ng Intellectual Property Rights sa mga akda, musika at maging mga ideya na epektibong nagtransporma sa mga ito bilang mahahalagang kalakal na pagtutubuan ng malaki.

Pinalitaw na hiwalay ang merkado ng industriya sa kultura sa tuntungan nitong military-industrial complex at ng monopolyo kapitalismo, at hindi simpleng salamin ng huli. Wari'y makakayang paunlarin ng mga indibidwal ang lipunan sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang pamumuhay o kaya sa pagiging responsableng mga mamimili.

Kaakibat ng opensibang pangkultura ang pang-ekonomya at pulitiko-militar na mga opensiba, na pinangungunahan ng US sa ambisyon nitong mangibabaw sa lahat ng aspeto ng lipunan. Bentekwatro oras na gumigiling ang kanilang makapangyarihang makinarya ng sistemang masmidya na pinakaabante sa teknolohiya sa buong daigdig at may kakayahang lumikha ng mga tinaguriang "reyalidad" na aayon sa layon ng imperyalistang paghahari. Pinalalabas na dapat malayang hu-

muthot ng tubo ang mga monopolyo kapitalista nang walang paglilimita ng gubyerno, sa ngalan ng "malayang kalakalan" o neoliberalismo.

Ang konsepto ng globalisasyon ay inimbento at pinalalabas na instrumento ng pagkakapantay-pantay ng iba't ibang bayan habang itinatambak sa mga ekonomya ng atrasadong mga bayan ang kapital, mga produkto at serbisyo ng mga monopolyo. Pinalaganap ang "war on terror" upang bigyang-matwid ang panghihimasok ng US sa iba't ibang bansa, at paglulunsad nito ng mga gerang pananakop at kolonisasyon bilang kampyon ng "anti-terror."

Kasabay ng denasyunalisasyon sa ekonomya, unti-unting inuk-ok ang nasyunalismo ng dekada 1960. Nalinang at naipalaganap sa kultura ang sukdulang indibidwalismo, pangarap na yumaman sa pamamagitan ng pagbebenta ng talento sa mga korporasyon, at konsumerismo na walang pagkabahala sa matagalang pangangailangan ng lipunan. Nariyan din ang pagkahumaling sa mga pantasya at mga larong kompyuter, hayag at tagong rasismo, panggagaya sa pamumuhay ng ma yayaman o mga produktong "imported", at pagbubunyi sa gera, lalo na ang paggamit ng mga armas na high-tech.

Kabilang dito ang pagkubli sa bangis ng US special forces sa bagong imahe nila bilang mga tagapagligtas at mapagkalinga sa mga rescue operation at mercy mission. Gayundin ang Oplan Bayanihan, na labis na pinalaki ang gastos at pinalaki ang saklaw upang magmukhang para sa kapayapaan at maitago ang tunay na katangian bilang gerang mapanupil sa mamamayan.

Kapag hindi nilabanan at dinaig, ang opensiba sa kultura ay lilikha ng petiburges na kulturang magpa-

pamanhid sa masang anakpawis upang huwag lumaban. Mahahadlangan ang pagpapaunlad ng kanilang makabayan, rebolusyonaryo o sosyalistang kamulatan. Ang patriyotiko, progresibo at rebolusyonaryong kilusang masa ay dapat magsulong ng nasyunalismong anti-imperyalista bilang kontra-opensiba sa neoliberal na opensibang ito.

Ayon sa PKP, "Ang mabilis na umuusbong na alyansa sa rehimeng Duterte ay pwede ring makarating sa pagtutulungang maipalaganap ang nasyunalismong may malinaw na anti-imperyalistang nilalaman, hindi ang mababaw na nasyunalismong pinalalaganap ng komersyal na midya.

# ANG KABULAANAN NG MINIMUM NA SAHOD NG REAKSYUNARYONG ESTADO

Sa nakaraang mahigit tatlong dekada, ipinagkait ng reaksyunaryong estado ang karapatan ng mga manggagawa sa minimum na sahod. Masahol pa, ginagawa nito ang lahat para higit pang ibaba ang arawang sahod.

Noong Mayo 1, idineklara ng rehimeng Aquino na napantayan na ng 137 panrehiyong minimum na sahod ang hangganan ng karalitaan (poverty threshold). Ipinahayag din nito na dahil sa sistemang dalawang-andanang pasahod, mas maraming manggagawa na ang nakalampas sa karalitaan.

Ang hokus-pokus ng mga numerong inilalabas ng reaksyunaryong gubyerno ay walang kinalaman sa tunay na kalagayan ng mga manggagawa. Inilalabas ang mga ito pangunahin para linlangin at patahimikin ang mamamayan.

Kahit ang “Pinggang Pinoy” na itinakda ng Food and Nutrition Research Institute ng Department of Science and Technology noong 2014 upang maging batayan ng sapat na sustansya sa bawat kain ay hindi rin sinunod ng gubyerno sa pagkwenta ng gastos sa pagkain. Ang isda, karne o itlog ay pinalitan ng munggo, ang apat na pirasong pandesal ay paliit nang paliit, upang mapababa nang husto ang sinasabing “sapat” na pagkain kung saan hindi na ituturing na mahirap ang isang pamilya.

Pana-panahong binabago ng gubyerno ang ginagamit na batayang pangangailangan para mabuhay, upang maipagmalaki nitong bumababa ang bilang ng mahihirap sa bayan. Hindi ang minimum na sahod ang itinaas para malutas ang karalitaan, kundi ang itinakdang poverty threshold ang labis na ibinaba upang magsalubong sa dati nang mababang sahod.

Ang sahod ng mga manggagawa ay itinatakda ng tunggalian ng mga manggagawa at ng mga kapitalista. Sa labanang ito, iginigiit ng mga manggagawa na itakda ang sahod sa batayan ng kanyang pangangailangan at kanyang pamilya para sa disenteng pamumuhay.

Karaniwang tinatawag itong nakabubuhay na sahod o living wage. Sa pandaigdigang konsensus na tinipon ng International Labor Organization, sakop ng nakabubuhay na sahod ang gastusin para sa sapat na pagkain, tubig, pabahay, edukasyon, pangangalagang pang kalusugan, pamasahe, kasuotan, at iba pang esensyal na pangangailangan pati na ang kaunting ipon o reserba para sa mga hindi inaasahang pangyayari sa pamilya.

Sa Pilipinas, kinwenta ng Ibon Foundation na umaabot sa P1,090 ang gastusing ito sa bawat araw batay sa mga presyong itinakda ng National Statistics Office at ng bilis ng pagtaas ng mga presyo ng bilihin. Sa gayon,

kulang na kulang ang P481 na arawang minimum na sahod sa NCR para tustusan ang arawang gastusin kahit pa dalawang tao sa bawat pamilya ang may regular na trabaho.

Kahit kailan ay hindi umabot ang minimum na sahod sa antas ng disenteng pamumuhay ng mga manggagawa at kanilang mga pamilya, ni sa pag-angat man lamang sa kanila mula sa bingit ng kahirapan. Kahit ang 2013 na ulat ng National Statistics Coordination Board ay nagsasabing 28% ng mga Pilipino ang nabubuhay sa labis na karalitaan. Ipinakikita ng kadatatlong-taong ulat nito na hindi lumiliit ang bilang ng mahihirap. Hanggang 2016, habang tumataas ng barya-barya ang minimum na sahod, mabilis na dumoble ang presyo ng mga batayang pangangailangan.

Sa ngayon, ipinako ng mga rehiyunal na wage board ang mga arawang sahod mula P217 (MIMAROPA) hanggang P481 (NCR).

# “ENDO” AT IBA PANG PORMA NG KONTRAKTWALISASYON

Walang kontraktwalisasyon sa SM—ito ang kabulastugang tugon ng anak ng may-ari ng SM na si Harley Sy matapos mangako ang limang kandidato sa pagkapresidente na tatapusin nila ang kontraktwalisasyon. Sa partikular, wawakasan diumano nila ang sistemang “Endo” (end-of-contract) na laganap ngayon sa buong bansa. Hindi raw kontraktwal kundi mga manggagawang “seasonal” o depende sa okasyon, na ani Sy ay hindi naman ipinagbabawal sa batas.

Tinuligsa ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang kasinungalingang ito. Anang KMU, noon pang dekada 1990, umaabot na sa 92% ng mga manggagawa ng SM ang kontraktwal. Ang mga “seasonal” na manggagawa na binabanggit ni Sy ay halos buong taon ding nagtatrabaho sa kumpanya—mula Pasko, tungong Bagong Taon, Valentine’s Day, Graduation Day, Mother’s Day

at kung anu-ano pang mga "okasyon." Dalawa hanggang tatlong buwan lamang ang paulit-ulit na kontrata at pag-"endo" sa kanila.

Duda ang KMU na maipatutupad ng sinumang mananalong presidente ang pagpapatigil ng Endo nang walang malinaw na paninindigang baklasin ang mga batayan nito. Pinakatalamak ang sistemang Endo sa mga export-processing zones, kung saan ang mababang pasahod at walang obligasyong magbigay ng mga benepisyo ay isa sa mga insentibo ng mga dayuhang mamumuhunan.

Sa pamamagitan ng kontraktwalisasyon, tinitiyak ng reaksyunaryong estado ang pinakamalaking kita ng mga kapitalista habang pinananatiling sunud-sunuran ang mga manggagawa. Ito ang nasa kaibuturan ng neoliberal na programa ng liberalisasyon at deregulasyon sa kalakalan at serbisyo.

Saklaw ng sistemang Endo ang mga manggagawang probationary, kaswal, iniempleyo batay sa proyekto at/o komisyon at seasonal sa sektor ng industriya at serbisyo. Mayroon namang mga kontraktwal na walang pinipirmahang kontrata, tulad ng mga aprentis, on-the-job o nasa dual training tulad ng mga estudyanteng nars at gradweyt ng TESDA, part-time, mga sinasahuran batay sa bilang ng oras ng trabaho o dami ng nilikhang produkto (piece-rate), mga reliever at mga "emergency" o on-call sa mga kumpanya.

Sa mga call center, karaniwan ang "account-based" o yaong mga manggagawang ineempleyo ayon sa kontrata sa pagitan ng kumpanya at kliyente nito. Karaniwang sinisisante ang mga manggagawa rito kahit hindi pa natatapos ang isang "account."

Kontraktwal din ang mga manggagawang duma-

raan sa mga ahensya ng paggawa o mga kontraktor at hindi direktang inieempleyo ng kumpanya. Halimbawa nito ang mga "talent" ng malalaking network ng telebisyon. Hindi sila ibinibilang sa regular na lakas paggawa ng kumpanya, kundi mga "regular" ng ahensya. Iniempleyo sila sa ilalim ng sistemang 5-5-5 kung saan pinapipirma sila sa limang buwan, sinisisante bago pinapipirma sa dalawa pang limang buwang kontrata bago sila maging "open contract worker" o mga kontraktwal na walang taning ang kontrata. Sa pamamagitan nito, naiiwasan ng mga kumpanya ang obligasyong gawin silang regular kahit ilang taon na sila sa kumpanya.

Sa maraming pagkakataon, iisang kapitalista ang may-ari ng kumpanya at mga ahensyang kinukunan nila ng mga empleyado. Noong 2012, pinagtibay ng rehimeng US-Aquino ang sistemang ito sa pamamagitan ng DOLE Order 18A na lalong kumilala sa mga ahensya sa paggawa at nagligtas sa malalaking kumpanya sa kanilang respon-sibilidad bilang pangunahing employer.

Anumang pangakong ipatitigil ang kontraktwalisasyon ay mapapako lamang kung hindi kikilalanin ang iba't ibang porma nito at ibasura ang kaayusang nagpapanatili rito.

Panama Papers

# KORAPSYON SA PANAHON NG NEOLIBERALISMO

Isinapubliko nitong Abril 3 ang tinaguriang Panama Papers, ang kulumpon ng mahigit 11 milyong dokumentong nagdedetalye sa pag-aari at operasyon ng 214,000 kumpanyang gamit ng matataas na upisyal at personalidad sa iba't ibang bansa para itago ang bilyun-bilyong dolyar ng nakaw na yaman. Ang pagbubunyag ay ginawa ng International Coalition of Investigative Journalists (ICIJ).

Kabilang sa mga inilantad ng Panama Papers sina Prime Minister Vladimir Putin ng Russia, President Bashar Assad ng Syria at President Xi Jin Ping ng China. Pinangalanan din si Prime Minister Sigmundur David Gunnlaugsson ng Iceland, President Petro Poroshenko

ng Ukraine, ang pinatalsik na lider ng Libya na si Mohammar Gaddhafi at ng Egypt na si Hosni Mubarak.

**Piling paglalantad ng US**

Ang Panama Papers ay bahagi ng taktikang pampulitika ng US ng paggamit sa usapin ng korapsyon upang ipitin, idiin o pasunurin o patalsikin ang mga lider na kumokontra o hindi lubos na sumusunod sa dikta ng US. Bahagi ito ng Organized Crime and Corruption Reporting Project na pinopondohan ng USAID.

Bahagi ng proyektong ito ang grupong ICIJ na pinopondohan ng Ford Foundation at ng ispekulador sa pinansya na si George Soros. Binubuo ito ng mga kilalang maka-US na mamamahayag.

Ang mga lider na inilantad ng Panama Papers ay pawang mga lider ng mga estadong hayagang kumokontra sa US o idinidiin nitong sumunod sa mga utos nito.

Ang mga dokumentong pinagbasehan ng mga pagbubunyag ay sinasabing kinuha sa Mossack Fonseca, kumpanya ng mga abugado sa Panama City. Nag-eespesyalisa ito sa pagtatayo ng mga gawa-gawang korporasyon para sa pinakamayayamang indibidwal o organisasyon sa buong mundo, kabilang ang mga kriminal na sindikato, para paglagakan ng nakaw na yaman. Ang bansang Panama ay matatagpuan sa South America. Kilala itong "tax haven" dahil halos wala itong sinisingil na buwis kaya paboritong paglagakan ng pinakamayayaman ng kanilang kita.

Wala ni isang upisyal ng US, pinuno ng kaalyado nitong bansa sa Europe at America, at maging upisyal ng mga papet nitong estado, ang pinangalanan sa Panama Papers. Ito ay sa kabila ng mayorya ng mga kliyente ng

Mossack Fonseca ay mula sa US at Europe.

Ang tanging alyado ng US sa Europe na pinangalanan sa Panama Papers ay si Prime Minister David Cameron ng United Kingdom. Idinawit si Cameron dahil sa pagsang-ayon niya sa pagdaraos ng reperendum tungkol sa mungkahing "Brexit" o pag-alis ng Britain sa European Union na mahigpit na tinututulan ng US. Ang pagdawit sa kanya ay nagsisilbi ring babala sa iba pang mga alyado ng US na may tendensyang lumihis sa kagustuhan nito.

Ginagamit ng US ang Panama Papers para siraan ang mga pinunong itinuturing nitong kalaban o mga kaalyadong tinataya nitong hindi na maaasahan. Layunin nitong paypayan ang disgusto ng mamamayan para magbunsod ng mga kontra-gubyernong pagkilos na hahantong sa mga pagpapalit-rehimen (regime change). Hindi bago sa US ang paggamit ng popular na adhikain ng mamamayan bilang dagdag presyur sa mga rehimeng kontra-US.

# LUMALALANG KORAPSYON SA ILALIM NG KAAYUSANG NEOLIBERAL

Sa pamamagitan ng kontroladong pagbubunyag, ginagamit ng US ang isyu ng korapsyon laban sa mga gubyernong nais nitong idiin o patalsikin.

Pinalalabas rin ng US na bahagi ito sa pagtataguyod ng "malinis na gubyerno" at kontra sa korapsyon ng mga "diktador, negosyante at kriminal." Gayunpaman, hindi nito maipagkakaila ang inabot na lawak at tindi ng korapsyon sa matataas na upisyal ng mga gubyernong nasa ilalim ng impluwensya at kapangyarihan nito sa iba't ibang bahagi ng mundo laluna sa nakaraang tat-lumpung taon.

Labas sa inilantad ng "Panama Papers," marami nang katiwalian, anomalya at korapsyon sa iba't ibang

bahagi ng mundo ang nalantad sa publiko. Hindi ito bago o nahihiwalay sa kapitalistang sistema. Katunayan, lalo itong sumidhi sa ilalim ng kaayusang neoliberal kung saan isinagawa ang malawakang deregulasyon at pribatisasyon ng mga pampublikong ari-arian na nagpabundat sa maraming burukratang nakaupo sa poder.

Sa mga bayang atrasado, ang maluklok sa estado ay direktang daan para sa pagpapayaman ng mga burukrata. Isinasagawa ito sa anyo ng direktang pagnanakaw sa kaban ng bayan at pagpabor sa malalaking kontrata sa mga kamag-anak, kaalyado o pinaburang mga korporasyon. Ang ganitong uri ng korapsyon ay likas sa neoliberal na mga programang tulad ng Public-Private Partnership, na itinutulak ngayon ng imperyalismo sa maraming bansa, kabilang ang Pilipinas.

Sa mga bansang imperyalista, nangahulugan ito ng lalupang pag-arangkada ng pinakamalalaking ispekulador sa pinansya. Dulot ng liberalisasyon at deregulasyon sa kalakalan at pinansya, malaya silang nakakapaglabas-masok sa iba't ibang bansa para humuthot ng pinakamalaking kita at magpalaki ng hawak na kapital. Katuwang ang kanilang mga institusyon sa pinansya at malalaking bangko, palagian silang naghahanap ng mga lugar na pagtataguan ng kanilang yaman habang umiiwas sa pagbabayad ng karampatang buwis.

Sa gayon, habang nananatili ang kaayusang neoliberal, lalupang dadami ang mga kumpanyang katulad ng Mossack Fonseca, at mga bansang katulad ng Panama, na nag-aalok ng "santwaryo" o pagtataguan sa malalaking kapitalista at kanilang kakutsabang mga burukrata.

# KABABAIHAN, KUMILOS AT LABANAN ANG NEOLIBERALISMO!

Ang Marso 8 ay ipinagdiriwang sa buong mundo upang pahalagahan ang papel ng kababaihan sa lipunan at sa pakikibaka. Ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis ay unang idineklara noong 1911 ng mga sosyalistang Partido. Panawagan ito para sa militanteng pakikibaka ng kababaihan, kasama ng masang anakpawis, laban sa pagsasamantala at pang-aapi sa ilalim ng imperyalismo sa malaking bahagi ng nagdaang siglo.

Subalit sa nagdaang tatlong dekada, anumang naipagtagumpay na ng masang anakpawis at kababaihan sa kanilang sandaan-taong pakikibaka para sa kanilang karapatan at laban sa kapitalistang sistema, ay binabakbak ng neoliberal na globalisasyon. Ito'y walang iba kundi ang mas matindi at mas malayang panghuhuthot ng mga imperyalista ng supertubo mula sa anak-

pawis sa buong daigdig, laluna sa mga atrasadong bansa.

Ipinataw nito ang mga patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon. Lalo nitong inilugmok ang mga bayan sa krisis at isinadlak ang masang anakpawis sa hirap at kaapihan. Ipinatupad ang patakarang pangkakaltas ng subsidyo sa mga serbisyong panlipunan at inihatantad nito sa dagdag na mga kahirapan at panganib ang mga bulnerableng sektor kabilang na ang kababaihan.

Kasabay ng kababaihan ang kalalakihan sa pagpapasan sa mga kahirapang dulot ng pananalanta ng imperyalistang globalisasyon. Subalit higit kaysa sa kalalakihan ang nagiging pasanin ng kababaihan dahil mas matindi ang diskriminasyon sa kanila bunga ng mababang katayuan nila sa lipunan.

Sa tahanan, kadalasang sila ang inaasahang magasikaso sa mga anak at matatandang kaanak na hindi na kayang magtrabaho. Lalo pa itong nagiging mabigat na pasanin sa pagtalikod ng reaksyunaryong gubyerno sa mga serbisyong panlipunan. Dagdag sa inaasahang papel sa tahanan, naghahanapbuhay rin sila upang makaaambag sa kulang na kulang na kita ng kanilang asawa o ama.

May natatanging pokus ang neoliberal na globalisasyon sa pagwasak sa kilusang paggawa, kung saan napakarami ng kababaihan. Pinalaganap ang kontraktwalisasyon at iba't ibang anyo ng pleksibleng paggawa upang ibaba ang sahod, pahabain ang oras ng paggawa, bawasan ang mga benepisyo, at ipatupad ang pinakamalalalang di-makataong pagtrato sa pagawaan. Tinarget na wasakin ang mga unyon upang pigilan ang paglaban ng mga manggagawa.

Pinakamarami sa mga biktima ng kontraktwalisasyon ay kababaihan, laluna sa kasagsagan ng krisis sa pinansya. Sila ang unang natatanggal at huling natatanggap sa trabaho. Binabata nila ang pinakamababang pasahod, kawalan ng mga benepisyo, kawalan ng proteksyong sosyal at kawalan ng seguridad sa trabaho.

Humahaba ang oras ng pagtrabaho ng kababaihan upang makahabol sa tuluy-tuloy na pagtaas ng mga gastusin sa transportasyon, pagkain at iba pang batayang pangangailangan na bunsod ng deregulasyon ng maraming serbisyo. Tinitipid nila ang panggastos sa sarili para maidagdag sa badyet ng pamilya.

Papaliit ang bilang ng kababaihang kasapi ng unyon. Noong 1996, ang kababaihan ay 59.6% ng kasapian, ngunit noong 2007 ay 34.2% na lamang. Humigit-kumulang 80% ng halos isang milyong manggagawa sa mga export processing zone ay babae, laluna sa subsektor ng elektroniks. Bawal sa mga lugar na ito ang unyon at welga. Dito, hindi maipaglaban ang proteksyon ng kababaihan laban sa pambabastos at pang-aabusong sekswal at ang pangangalaga sa kanilang kalusugan. Kadalasan pa nga'y itinutulak sila ng kapitalista at kanyang mga galamay sa kagawiang "lay down or lay off" (pagbibigay ng pabor sa seks kapalit ng hanapbuhay).

Inianak ng neoliberalismo ang industriya ng "call center," na nag-eempleyo ng ilandaang libo kung saan mahigit kalahati ay kababaihan. Pumipiga ang mga imperyalista ng malaking tubo mula sa kanila dulot ng mababang sahod kumpara sa katulad nilang mga manggagawa sa mga kapitalistang bansa. Dagdag dito, ang kanilang pagpasok sa alanganing mga oras sa gabi ay may malaking kapinsalaan sa kanilang seguridad, kalusugan at buhay pampamilya at panlipunan.

Mas maraming kababaihan ang nagiging malaproletaryado dahil handa silang pumasok sa mababang-klaseng trabaho upang mabuhay ang pamilya. Binubuo nila ang mahigit kalahati ng kababaihang may trabaho. Wala silang proteksyon o mga benepisyo, at pinakatinatamaan sila ng pribatisasyon ng mga serbisyong panlipunan.

Ang kababaihang magsasaka ay ginigipit ng papalawak na kawalan ng lupang masasaka. Libu-libong ektarya ng mga lupang sakahan ang kinakamkam at ginagawang subdibisyon, export processing zone, resort, plantasyon, trosohan at mi-nahan. Kasabay ng pagsira sa kalikasan, pinatataas ng monopolyong kapitalista ang presyo ng mga gamit pansaka at sadyang pinababababa ang presyo ng mga produktong agrikultural, laluna ng mga batayang pananim na pangkonsumo tulad ng palay at mais. Kinukulang ang pagkain at binabaha ang merkado ng mas murang mga produktong agrikultural mula sa ibang bayan.

Katuwang ng mga dating usurerong panginoong-maylupa ang mga ahensyang pampinansya sa pagsasamantala sa kababaihang magsasaka. Lumalaganap ang usu-rerong mga microfinancing tulad ng SME Card na kababaihan ang pangunahing target sa pagpapautang. Katuwang ng mga usurerong ito ang mga ahensya ng gubyerno, mga imperyalista at burges-kumprador na korporasyon. Labis na mapang-api ang sistema sa pautang na microfinancing na ultimong isang tungkos na talbos ng kamote ay hindi maipakain sa pamilya dahil pambayad na ito sa lingguhang hulog.

Sa kawalan ng hanapbuhay, napipilitan ang kababaihan na mangibang-bayan bilang mga migranteng manggagawa. Mahigit kalahati ng dokumentadong migran-

teng manggagawa noong 2014 ay kababaihan. Nasa 83% ng manggagawang walang kasanayan at 56% ng manggagawa sa serbisyo ay kababaihan. Sila ang may pinakamababang sweldo at pinakabulnerable sa abuso.

Sa buong daigdig, milyun-milyon ang kababaihang biktima ng trafficking para sa prostitusyon at pang-aalipin sa trabaho, kabilang ang libu-libong kababaihang Pilipino. Sa halip na pangalagaan, ibinubugaw sila ng reaksyunaryong gubyerno kasapakat ng imperyalista upang makibahagi sa kanilang kita anuman ang datnan nilang trabaho roon.

Patuloy na pinalalaganap sa mga paaralan, masmidya at social media ang pagturing sa kababaihan bilang mga kalakal at bagay na pang-aliw. Hungkag ang ipinagmamalaki ng mga ahensya ng gubyerno at ilang kapanalig nila sa akademya na nakamit na ng kababaihan ang pagkakapantay-pantay dahil mas marami na diumano ang marunong magbasa at magsulat, at humahawak sila ng matataas na pusisyon sa gubyerno at korporasyon.

Wala na raw dahilan para sa organisadong protesta ng kababaihan. Inaalis ng imperyalismo at papet nitong mga estado ang rebolusyonaryo at militanteng diwa ng Araw ng Kababaihan at ginagawa itong simpleng araw ng mga papuri o parada tulad ng komersyalisadong Valentine's o Mother's Day.

Sa katunayan, sa patakarang pribatisasyon ng neoliberalismo, ipinagkakait ng rehimeng US-Aquino ang pinakabatayang serbisyong panlipunan sa kababaihan tulad ng pangangalaga sa kanilang kalusugang pangkasarian. Sa ngalan ng pagpapababa ng namamatay sa panganganak, ipinagbawal ang panganganak sa bahay upang obligado ang kababaihan sa mga napakamama-

hal na pribadong paanakan. Ang totoo'y karamihan ng mga ina at sanggol na namamatay ay hindi dahil sa panganganak kundi sa mga problemang pangkalusugan na kaugnay ng karalitaan.

Lalo pang pinalabnaw ang batas na isinulong ng mga organisasyon ng kababaihan at progresibong partido ukol sa reproductive health at ipinaubaya sa Simbahang Katoliko ang pagpapasya sa kalusugan ng kababaihan. Kinapon ang mga serbisyong panlipunan at pinalitan ng 4Ps na nagtatali sa mga ina sa mahihigpit na kundisyon ng mga ahensya ng reaksyunaryong estado. Higit itong naglimita sa kanilang kalayaan, lalo na sa paglahok sa mga hayag na demokratikong organisasyon.

Walang ginagawa ang gubyerno upang pangalagaan ang kababaihan laban sa karahasan. Ang sariling mga galamay nito tulad ng pulis, militar, paramilitar, mga ahensya sa turismo at empleyo, mga embahada sa ibang bansa at mga kulungan, ang pinakamasugid na tagapandahas sa kababaihan, laluna ng kababaihang itinulak ng karalitaan sa desperadong kalagayan.

Lalo pang lalala ang pang-aapi sa kababaihan sa harap ng pinaigting na panghihimasok militar ng imperyalismong US. Bahagi nito ang muling pagbabaseng militar ng US sa Pilipinas sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement, bagay na mariing tinututulan ng kababaihan dahil palalalain nito ang talamak na prostitusyon at iba pang mala-impyernong pang-aapi ng mga tropang Amerikano sa kababaihang Pilipino.

Kaugnay rin nito ang kasalukuyang gerang Oplan Bayanihan na idinisenyo at ipinataw ng US. Sa pananalasa ng militar sa mga kampanyang ito, libu-libong kababaihan ang pinatay, ikinulong, nilumpo, tinortyur at ginahasa, binalo, inulila, at pinalikas sa kanilang mga tahanan.

Dapat matapang na labanan ng kababaihan ang pananalasa ng neoliberal na globalisasyon na mukha ng imperyalismo sa kasalukuyan. Mahalagang makiisa ang kababaihan sa lahat ng demokratikong pwersa sa buong daigdig na lumalaban sa pananalanta ng mga pwersa ng neoliberalismo—ang mga monopolyong kapitalista at kanilang mga estado at militar.

Dapat ilantad ang mga pambabaluktot at panlilinlang ng imperyalismo ukol sa kalagayan at papel ng kababaihan sa kasalukuyan. Isulong ang malawakang partisipasyon ng kababaihang anakpawis sa mga kilusang pambansa-demokratiko sa sariling bayan at makiisa sa mga organisasyon ng kababaihan sa iba't ibang bayan.

Walang tantan na labanan ang lahat ng pananalanta ng Oplan Bayanihan. Labanan din ang kasuklam-suklam na mga krimen ng mga burukrata-kapitalista at mga upisyal militar laban sa sambayanan.

Kayang-kaya ng kababaihang manggagawa na manguna o lumahok sa pagtatayo at pagpapaunlad ng mga unyon sa mga pabrika at mga linya ng trabaho. Kayang-kaya rin nila na magpasimula o tumulong sa pagtatayo ng mga pangkalahatang organisasyon sa komunidad nila at magbuo ng mga tsapter at proyekto ng kababaihan tulad ng mga day care center, klinika at kooperatiba.

Dapat ipaunawa sa mga kabataan at estudyanteng aktibista, laluna sa kabataang kababaihan, na mabigat para sa manggagawang kababaihan na may sahurang trabaho, gawaing unyon, at gawain sa tahanan na mag-organisa pa rin sa komunidad. Malaki ang puwang dito para sa pagtulong ng mga kabataan at estudyante sa pag-oorganisa sa mga komunidad at sa pagpapatakbo ng mga proyektong pangkomunidad, laluna yaong malapit sa paaralan o sa kanilang mga tirahan.

Tungkulin ng kababaihan na tumulong sa pag-oorganisa ng iba pang mga pambansa-demokratikong organisasyon, saanman may pagkakataon. Dapat maging masigla ang mga talakayan at laging iniuugnay ang mga isyung pangkababaihan sa mga pangkalahatang layunin ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Dapat patuloy na isulong ng kababaihang magsasaka ang pag-oorganisa sa magsasaka at kapwa babae, at sa mga pamilya nila para sa reporma sa lupa at sa pagpapatatag ng mga rebolusyonaryong base sa kanayunan. Narito ang pinakamalapit na pagkakataon sa panimulang pagpapalaya sa kababaihan sa larangan ng pulitika at ekonomya, sa demokratisasyon ng pamilya, at sa pagbubuo ng bagong mga relasyong panlipunan na may pagkakapantay-pantay at nagtutulungang lumalaban para sa bayan.

Walang ibang landas ang kababaihan sa paglaya mula sa diskriminasyon, pang-aapi't pagsasamantala ng imperyalistang globalisasyon kundi ang lubusang paglahok sa kilusang rebolusyonaryo. Nilalagot ng mulat na mga kababaihan ang kadena ng tradisyunal na mga pananaw na naglilimita sa kanilang pagkilos at tumatangan ng armas bilang mga Pulang mandirigma at kumander ng BHB.

Tanging sa pagpapabagsak sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at pagsusulong ng sosyalismo makakamit ng kababaihan ang tunay na pagkakapantay-pantay at mapapalaya ang sarili mula sa mga pang-aapi ng kasalukuyang lipunan.